

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

Batas sa pagpapaunlad pa ng paghahayupan, kabilang ang *dairying* Isinusulong ni Sen Villar... p2

## 17 magsasakang-maggagatas, sinanay ng PCC sa *animal health care, management*

Ni Chrissalyn Marcelo

Labing pitong magsasakang-maggagatas ang nagsanay sa “animal health care and management” sa punong tanggapan ng Philippine Carabao Center nitong Abril 18-20.

“Kabilang sa kanilang pagsasanay ay ukol sa wastong kaalaman at kakayahan sa tamang pangangalaga sa kalusugan ng hayop,” ayon kay Mario M. Delizo, *project development officer* ng PCC at isa sa mga tagapagsanay.

Itinuro sa pamamagitan ng lektur, aktwal na demonstrasyon at *practicum* ang mga sumusunod: (1) tamang pag-alam sa senyales at sintomas ng may sakit na kalabaw, (2) tamang pangangalaga sa manganganak na kalabaw at sa anak nito, (3) tamang pagpupurga at pagbibigay ng mga bitamina (4) pagsasagawa ng *mastitis test* at *milk quality test*, at (5) pangongolekta ng *sample* tulad ng dugo, dumi at ihi ng kalabaw para sa *laboratory examination*.

Bukod kay Delizo, ang iba pang naging mga tagapagsalita at tagasanay ay sina Dr. Cecilio Castañeda, Dr. Clarissa Odsigue, Dr. Ermyn Ermitanio, Dr. Cyril Baltazar, Dr. Peregrino Duran, at Genario Candelaria na pawang mga beterinaryo at eksperto sa PCC.

**Sundan sa p.3**



Si Michael Pascual (naka-asul) habang itinuturo ang tamang pagpupurga sa kalabaw.

## Dating namamasada ng *tricycle*, ngayo'y ‘boss’ na, tagapagsanay pa sa gawaing pagkakalabawan

Ni Ma. Cecilia Irang

**Sariwa pa sa alaala ni Michael Pascual, 41, ng Minabuyok, Talavera, ang mga panahong gigising siya ng alas singko ng umaga para mamasada ng *tricycle* hanggang alas siyete ng gabi. Masakit sa kanyang loob na sa kabila ng matinding pagpapagal ay kadalasang kulang pa rin ang kanyang kinikita para sa gastusin ng kanyang pamilya.**

Sa loob ng 10 taon, kumikita lang siya ng Php150 hanggang Php200 kada araw sa pamamasada. Kung minsan naman, naggugulay at nagsasaka rin siya sa bukid ng kanyang magulang para sa karagdagang pagkakakitaan.

Tila isang himala na parang gulong na nagsimulang umikot paibabaw ang kanyang buhay nang ma-engganyo siyang sumuong sa programang paggagatasan ng Philippine Carabao Center (PCC) noong 2007.

Dahil wala pang *stocks* noon ng kalabaw ang PCC, isinanla niya ang ilang bahagi ng bukid ng kanyang

magulang upang bumili ng dalawang purong lahing gatasang kalabaw. Hindi naglaon ay nagsimula siyang kumita sa pagbebenta ng gatas nito.

Taong 2010 nang mapahiraman ng PCC ng isang *module* ng *Brazilian murrh buffaloes* ang kanilang kooperatiba na Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera Primary Multi-Purpose Cooperative, na kung saan si Michael ang kasalukuyang *chairman*.

### Unti-unting pag-asenso

Gaya ng mga karaniwang nagsisimula sa gawain, kinailangan ni Michael ang pagtitiyaga sa paghihintay.

Taong 2012 nang magsimula niyang maramdaman ang magandang kita mula sa paggagatas dahil nasa 20 litrong gatas ang naaani niya sa tatlong kalabaw.

Dahil sa mahusay na pag-aalaga at masusing pagmomonitor sa mga naglalanding kalabaw, naparami ni Michael ang kanyang mga alaga na umabot sa bilang na 25.

Hindi nagtagal, siya din ang tumanggap ng mga isinauling kalabaw ng kanilang mga miyembro noong 2017.

Noon na naranasan ni Michael ang dobleng kita dahil umabot sa 60 litro ang nakolekta niyang gatas araw-araw mula sa 12 kalabaw.

Sa kasalukuyan, 45 ang bilang ng inaalagaang kalabaw ni Michael. Sampu rito ang ginagatasan habang 11 ang kumpirmadong buntis.

“Naka-program ako na kapag *pa-dry* (wala ng gatas) ang gatasan ay may papalit nang gagatasang inahin. Kaya hindi ako nawawalan ng ginagatasang kalabaw,” ani Michael.

Binibili sa kanya ng isang *middleman* sa Cagayan at ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) sa halagang Php55 kada litro ang kanyang inaaning gatas. Sa isang buwan ay mayroon siyang netong kita na mahigit Php30,000.

**Sundan sa p.3**

## Batas sa pagpapaunlad pa ng paghahayupan, kabilang ang *dairying* Isinusulong ni Sen Villar; mga biyaya ng pagkakalabawan tinalakay

Ni Charlene Corpuz

Tiniyakni Sen. Cynthia Villar, tagapangulo ng komite ng Senado sa agrikultura at pagkain, na magiging isang batas ang isinusulong niyang panukalang-batas na “Livestock, Poultry and Dairy Development Law”.

“Gagawin ko ang lahat ng aking makakaya para maipasa ang panukalang-batas na ito,” pangako ni Sen Villar sa kanyang mensahe sa pagdiriwang ng ika-25 anibersaryo ng PCC na ginanap noong Marso 26-27 sa PCC National headquarters and genepool.

Kapag naging ganap ng batas, anang senadora, magiging malaki ang pondong ilalaan para sa pagpapaunlad ng industriya ng paghahayupan, pagmamanukan at paggagatasan sa bansa.

Sa ngayon anya, ikatlong bahagi lang ng pondo ng Kagawaran ng Agrikultura ang nakalaan para sa mga industriyang ito. Di hamak na malaki ang napupunta sa pagpapalayan, niyugan at maisan, anya pa.

Kasama, anya, na mabibiyayaan ang Philippine Carabao Center (PCC) at ang mga magsasakang ginagabayan nito.

Malugod na tinanggap ng mga nagsidalo sa pagdiriwang ang pahayag na ito ni Sen. Villar na kinabibilangan ng mga magsasakang-maggagatas.

Ang magsasakang-maggagatas ang pinagtutuunan ng halaga ng *Carabao Development Program (CDP)* na isinusulong at ipinalalaganap ng PCC alinsunod sa mandato nito.

Kasama rin sa programa ng PCC ang *milk-supplementation program* na hindi lamang ang mga magsasakang-maggagatas ang nakikinabang kundi maging ang mga kabataan upang maiangat ang kanilang kalusugan

at masugpo ang malnutrisyon.

Kapag ganap na lumaki ang laang pondo batay sa hangarin ng isinusulong na panukalang-batas ni Villar ay tiyak na lalong iiging ang pagpapaunlad ng mga programang ito.

Inaasahan ng marami na ang hakbanging ito ay magsisilbing dagdag na inspirasyon sa PCC at ang mga kabalikat na mga ahensiya ng pamahalaan at pribadong sektor. Kaya naman, ang hamon ni Villar sa PCC ay patuloy na palaguin at pagyamanin ang dairy industry at tulungan ang mga magsasaka na manatili sa agrikultura.

Sa kabilang banda, kinakailangan naman ang pakikipagtulungan ng baw’t magsasakang-maggagatas na tangkilin din ang mga programang nakahain at maging aktibo sa pagpapalago ng kani-kanilang kabuhayan at maging ang kanilang mga sarili na tinitingnan na rin bilang mga progresibong magsasaka na kayang lumahok sa pagnenegosyo ng gatas ng kalabaw.

Isang patunay na *empowered* ang mga magsasakang inaasistehan ng PCC ay ang kanilang pagkita sa industriyang nakasandig sa gatang kalabaw. Pati ang kanilang pananaw, batay sa napapansin ng marami ay nagbabago na rin.

Gaya na lamang ni Leoncio Callo ng Catalanacan Multi-purpose Cooperative (CAMPC) na nagbahagi noong anibersaryo ng PCC tungkol sa panghihikayat sa mga kapwa magsasaka. Gamit, anya, ang kanyang karanasan sa paggamit ng *iREB Dashboard*, isang teknolohiyang imbensyon ng PCC na nagpapadali sa pagmomonitor ng kita ng mga magsasaka mula sa paggagatas, kanyang inilarawan

**Sundan sa susunod na pahina**



### ***Likha ng isang dairy co-op***

## **Ice cream bar na may gulay at gatas ng kalabaw patok ngayong tag-araw**

Ni Ma. Cecilia Irang

**Lubhang kaiga-igaya ang mga malalamig na panghimagas sa kahit anong panahon. Pero kapag tag-araw, mas hinahanap-hanap ito lalo pa’t nasubukan nang masarap at malinamnam.**

Sa mga pampalamig, nangunguna ang “ice cream”. Kaya naman angkop na angkop at napapanahon ang bagong produktong nadebelop ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC), isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng Philippine Carabao Center.

Ito’y *ice cream bar* na gawa sa gatas ng kalabaw at may kakaibang “twist” dahil may iba’t ibang *flavors* o sangkap na naiiba - mga gulay na tulad ng ampalaya, *carrots*, malunggay, at kalabasa.

Ayon kay Rowel Ramilo, *general manager* ng CAMPC, tumulong din ang Philippine Rice Research Institute (PhilRice) sa pag-*improve* ng kanilang *ice cream bar* sa pamamagitan ng *food chemistry division* ng ahensiya. Tinulungan sila sa pagpapasiya ng tamang halo ng sangkap at paggawa ng produkto.

May tatak na “veggie ice cream bar”, ito’y mabibili lamang sa halagang Php20 sa *products outlet* na Dairy Box ng CAMPC na matatagpuan sa Maharlika Highway, Science City of Muñoz, Nueva Ecija sa tabi ng Milka Krem, na nagsisilbing *milk processing facility* ng PCC.

Ayon kay Margerie Viloso, 36, *plant manager* ng CAMPC, ang ideya sa likod ng napiling *flavorings* ng *ice cream* nila ay nakasandig sa hangaring

isaalang-alang ang pagiging “health conscious” ng mga mamimili.

Nagsimulang magdebelop ng *ice cream bar* ang CAMPC noong 2016 sa pangunguna ng dating CAMPC *chairman* na si Leoncio Callo at itinuloy naman ng kasalukuyang *chairman* na si Arturo de Gracia. Nang makapasa ang produkto sa isinagawang *sensory evaluation* ng PCC ay nagsimula na silang magbenta noong 2017.

Sa apat na *flavors* ng *ice cream bar*, pinakamabenta, ayon kay Viloso, ang malunggay *flavor*.

“Mas nangingibabaw pa rin kasi ang linamnam noong gatas ng kalabaw kaysa sa lasa noong gulay kaya naman gustung-gusto rin ng mga bata,” dagdag niya.

Dalawang beses sa isang linggo nagsusupply ang CAMPC ng tig 300 piraso ng *ice cream bars* sa Dairy Box na kumokonsumo ng 2.25 litro ng gatas sa paggawa.

Gamit ang *ice cream machine*, 40 pirasong *ice cream bars* na nasa isang hulmahan ang nagagawa kada *batch* na tumatagal ng 30 minuto. Pinagtutulung-tulungan ito ng apat na manggagawa ng CAMPC.

Nitong nakaraang Marso lamang ay nakapagbenta ang kooperatiba ng 989 na piraso ng *ice cream bars* na nagkakahalaga ng Php14,835.

Inaasahan ng kooperatiba na mas tataas pa ang *demand* ng *ice cream bars* ngayong tag-araw kaya

**Sundan sa susunod na pahina**

## Likha... mula sa p.2

naman pinaghahandaan din ng mga miyembro nito ang mga pamamaraan para masustini ang produksyon ng gatas.

Ang *ice cream bar* ay isang malamig na panghimagas na karaniwang nasa stick o *candy bar* na may *ice cream* sa loob.

Ang iba pang mga produkto ng CAMPC na gawa sa gatas ng kalabaw at mabibili sa Dairy Box ay *sweet*

*macapuno*, *macaroons*, *leche flan*, bibingkang kanin, bibingkang gatas, *pandan-flavoured* bibingkang kanin, at *espasol de leche*, na siyang pinakamabili sa lahat.

Ibinahagi rin ni Viloso na bukod sa *ice cream bars* ay may mga iba pa silang produktong gawa sa gatas ng kalabaw na nakalinyang idedebelop at isasailalim sa *sensory evaluation* ng PCC tulad ng *choco banana*, kalabasa *flan*, at tibok-tibok. ●

## 17 magsasaka... mula sa p.1

Itinaguyod ng *PCC National Impact Zone (PCC-NIZ)* ang pagsasanay sa pakikipagtulungan ng *Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD)*. Nagbigay rin sila ng ilang mga kagamitan na makakatulong para sa wastong pangangalaga ng mga magsasaka sa kanilang mga alagang kalabaw.

“Nagbigay ng bota, hiringgilya, mga karayom, pansipit o “forceps”, gunting, *collection paraphernalia*, at *california mastitis test paddle* na nakalagay sa *tuckle box* ang PCC-NIZ at PCAARRD sa pagtatapos ng pagsasanay,” ani

Delizo.

Ang mga lumahok sa pagsasanay ay mga magsasakang ginagabayan ng PCC sa Nueva Ecija. Sila ay mula sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (5), Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative (3), Sustainable Carabao Owners Association (1), Caudillo Prutas at Gulay Producers Cooperative (1), Riverside Livestock and Poultry Farm (2), at Stephenhan Dairy Farm (1).

Lumahok din ang apat na katao mula sa Cabanatuan City, Non-Government Organization, at Veterinary Office ng Palayan City. ●

## Batas... mula sa p.2

ang pagtatagumpay sa gawain.

Ang teknolohiyang ito para sa mga magsasaka ay may tag line na “kwento at kwenta sa dairy buffalo farming” at nagsisilbing halimbawa sa patuloy na pagbibigay kaalaman ng PCC at pag-aadopt naman ng teknolohiya o programa o serbisyo ng mga magsasaka.

“Ang benepisyong ekonomikal, pisikal, at mentalidad ay kinakailangan upang higit na mapatatag ang ikinabuhay at matugunan ang bawat pangangailangan ng mga pamilyang Pilipino sa pakikipagtulungan sa gobyerno,” ani Callo.

Sa kasalukuyan, limampu’t tatlo (53) na ang kooperatiba sa Nueva Ecija na tinututukan ng PCC - *National Impact Zone (NIZ)*

*team* at may kabuuang bilang na 726 *dairy farmers*. Patuloy pa rin sa pagdami ang mga nabubuonng kooperatiba at asosasyon.

Ang *Sustainable Carabao Owners Association (SCOA)* na binubuo ng 17 miyembro sa Palayan City ang pinakabago na nairehistro sa DOLE nitong Marso 2018.

Ang tatlong pangunahing programa ng PCC na *Genetic Improvement*, *Enterprise Development*, at *Research for Development* ay bilang pagtugon sa pangangailangan ng mga magsasakang katuwang sa pagpapaunlad ng agrikultura sa bansa. Partikular sa programang ito ang pangangalaga, pagpapanatili at higit na pagpapaganda ng lahi ng gatasang kalabaw para sa ikabubuti ng kabuhayan ng maraming magsasakang Pilipino. ●



Si Michael Pascual habang masayang ipinakikita ang 4x4 off road vehicle na naipundar niya dahil sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

## Dating... mula sa p.1

Nang bumalikwas ang kanyang suwerte dahil sa paggagatasan at dahil na rin sa kanyang pagpupursige at dedikasyon, nagsimula na siyang makapagpundar ng mga kagamitan at naipaayos na niya ang kulungan ng kanyang mga alaga, bagay na hindi niya, aniya, nagawa noong siya’y namamasada at nagbubukid.

Nakapagpundar na rin siya ng second hand 4x4 off-road o *military jeep* na ang halaga ng nagastos niya ay umabot sa Php270,000. Ito ay nagagamit din niya sa paghahakot ng pakain ng mga kalabaw.

### Pagbabahagi ng kaalaman

Isa si Michael sa mga magsasakang maggagatas na sinusunod at ginagawa ang mga teknolohiyang ipinakikilala at itinuturo ng PCC para sa mas maayos na pag-aalaga ng mga kalabaw.

Ilan sa mga inaapply niya ay ang dalawang beses na paggagatas sa mga kalabaw kada araw tuwing alas singko ng umaga at alas singko ng hapon, paggamit ng *milk replacer* sa mga bulo, *flushing with concentrates*, mga nararapat na kagamitan sa paggagatas at lagayan ng gatas, at ang wastong paggagatas at pagpapakain sa mga alagang kalabaw.

Dala ang ganap na kakayahan at kaalaman sa pagkakalabaw, sinimulan ni Michael noong 2017 na maging tagapagsanay ng mga naghahangad na pumalaot sa paggagatas sa loob at labas ng bansa.

Ang kanyang kalabawan ay nakarehistro sa *Department of Trade and Industry* sa pangalang “MCCR Pascual Agri Ventures”.

Matapos dumalo sa pagsasanay sa isang *farm* sa Bulacan na *accredited* ng *Technical Education and Skills*

*Development Authority (TESDA)*, nakatanggap si Michael ng *NC II Certificate on Animal Production (large ruminants)* para mas ganap na maging lehitimong tagapagsanay.

Sa mahigit 30 aspirante na sinanay ni Michael, lima sa mga ito ang nasa Japan na at kasalukuyan nang nagtatrabaho sa *dairy farm*. Ang iba ay nag-aapply na at mayroon ding nag-aantay na lang ng *final interview*.

Ayon kay Michael, tumatagal ng 45 araw ang pagsasanay na isinasagawa niya. Sa panahong iyon, itinuturo niya ang mga natutunan niyang teorya at aktwal na pamamaraan sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw.

Higit sa lahat, aniya, itinuturo rin niya ang tamang disiplina sa pag-aalaga ng hayop.

Sa kasalukuyan, may walong sinasanay si Michael na nagiging katulong din niya sa mga gawain sa kanyang kalabawan.

“Masarap din sa pakiramdam na makapagbahagi ka ng kaalaman sa iba. Sabi ko nga, kapag gusto mo talaga ang ginagawa mo, kahit mahirap hindi mo mararamdaman. Sa karanasan ko kasi, basta makita ko lang ‘yong kalabaw ko na maganda ang pangangatawan, makita ko silang kumakain, nasisiyahan talaga ako at napapawi ang pagod ko,” kuwento niya.

Bisyo na raw niya ang pag-aalaga ng kalabaw, sabi ni Michael.

“Sa bisyong ito, ako ang boss at ang kapalit ay natutugunan ang lahat ng pangangailangan namin. Nakapagpaaral ako ng mga anak nang hindi na kailangang mangutang at nakapagpahiram din sa mga nangangailangan,” mariing sabi niya. ●

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!



Department of Agriculture

**PHILIPPINE CARABAO CENTER**

CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

## Ano ang *uterine flushing with iodine solution* at saan ito ginagamit?

Nina Caro B. Salces, Guillerma Abay-Abay, Alexander S. Casinillo at Gundolino P. Bajenting

Ang “uterine flushing with iodine” o pagpasirit ng *iodine solution* sa loob ng matris ng kalabaw ay isang pamamaraang pangbeterinaryo na tumutulong upang mapadali ang panunumbalik ng matris sa normal na laki at gumagamot sa pamamaga at impeksyon nito pagkatapos manganak.

Ginagamit ito upang mapaikli ang panahon ng pagbabalik sa normal na laki ng matris na nagreresulta naman sa maagang paglalandi at muling pagbubuntis pagkatapos manganak ng kalabaw. Ang maagang muling pagbubuntis ng kalabaw sa loob ng 42 araw matapos manganak ay nagpapataas ng posibilidad ng matagumpay na AI at sa dakong huli ay hahantong sa mas maikling pagitan ng pagbubuntis ng kalabaw.

## Kailan isinasagawa ang *uterine flushing with iodine solution* sa kalabaw?

Ang paglilinis ng matris ng kalabaw sa pamamagitan ng “uterine povidone-iodine flushing” ay kailangang isagawa sa loob ng 48 oras matapos ang panganganak. Ito ay upang maprotektahan ang matris mula sa mga impeksyon at pamamaga na tinatawag ng beterinaryo na “post breeding endometritis.” Kaya, nagiging mas maalwan ang muling pagbubuntis at pagpaparami nito.

## Ano ang mga materyales na kakailanganin sa pagsasagawa ng *uterine flushing with iodine solution*?

Ang mga sumusunod ang kailangang gamit upang wastong maisagawa ang *uterine flushing with iodine solution*:

- 10% Povidone-Iodine Solution (Panlanggas na *iodine* na nabibili sa botika)
- 60ml na hiringilya
- A.I. straw sheath

## Paano isinasagawa ang *uterine flushing* (sa loob ng 48 oras pagkapanganak)?

- 1 Paghaluin ang 400ml ng 10% *povidone-iodine solution* sa 600ml na tubig. Ang pinaghalong tubig at solusyong *povidone-iodine* ay makagagawa ng isang litro ng 4% *solution* para sa *uterine flushing*.
- 2 Linising mabuti ang labas na bahagi ng ari ng kalabaw na gamit ang tubig at sabon.
- 3 Maglaan ng 120ml ng 4% *povidone-iodine solution* para sa bawa't isang kalabaw gamit ang 60ml na hiringilya.
- 4 Kumuha ng iodine solution na gamit ang 60 ml na hiringilya.
- 5 Ipasok ang “straw sheath” direkta sa matris sunod sa gabay ng “rectal palpation” o pagkapa sa puwit ng kalabaw.
- 6 Ikabit ang 60ml na hiringilya sa dulo ng AI sheath at iturok ang *povidone-iodine solution*.
- 7 Alisin ang hiringilya at iwan ang AI straw sheath mula sa puwerta, saka muling maglagay ng 60ml ng 4% *povidone-iodine solution* dito.
- 8 Hugutin at linising mabuti ang AI sheath hanggang sa dulo nito at itapon sa wastong tapunan.

### PATNUGUTAN

**Patnugot** Eric P. Palacpac | **Tagapamahalang Patnugot** Rowena G. Bumanlag | **Tagapamahala sa Isyung ito** Ma. Cecilia C. Irang | **Mga manunulat** Charlene P. Corpuz, Ma. Cecilia C. Irang, Chrissalyn L. Marcelo | **Mga nag-ambag ng artikulo** Caro B. Salces, Guillerma Abay-Abay, Alexander S. Casinillo at Gundolino P. Bajenting | **Layout/Tagapamahala sa Sirkulasyon** Chrissalyn L. Marcelo | **Tagapayo** Wilma T. Del Rosario | **Kasangguni** Anselmo S. Roque | **Pinunong Tagapagpaganap** Arnel N. Del Barrio